AS FOR ME AND MY HOUSE

# Pagtugon sa Tawag ng Diyos sa mga Misyon Bilang Isang Pamilya: Ang Kwento ni Abraham



## WARM-UP

- Ilarawan ang naging karanasan mo tungkol sa paglilipat ng bahay. Ano ang ikinatuwa mo at ano ang bagay na hindi naging komportable para sa iyo?
- Alalahanin ang isang pangako ng isang tao sa iyo o sa iyong pamilya na kalaunan ay natupad. Ikuwento ang nangyari.
- Ano ang nagugustuhan mo sa paglalakbay? Ano ang una mong ginagawa kapag nakarating ka na sa iyong destinasyon?

## WORD

1 *Ngayon, sinabi ng PANGINOON kay Abram, "Lisanin mo*
*ang iyong bansa, ang mga kamag-anak mo, at kahit*
*ang sambahayan ng iyong ama, at pumunta ka sa lugar*
*na ipapakita ko sa iyo.*
2 *Gagawin kong isang tanyag na*
*bansa ang lahi mo. Pagpapalain kita at magiging tanyag*
*ang iyong pangalan. Sa pamamagitan mo, marami ang*
*pagpapalain.*
3 *Pagpapalain ko ang magmamagandang*
*loob sa iyo. Pero isusumpa ko naman ang susumpa sa iyo.*
*Sa pamamagitan mo, pagpapalain ko ang lahat ng tao sa*
*mundo."* **GENESIS 12:1–3**

(Basahin din ang **GENESIS 12:4–9.**)

Daan-daang taon mula nang maghiwa-hiwalay ang mga tao sa Babel, ang pamilya ni Abraham, na walang permanenteng tirahan, ay nagpagala-gala sa lupain nang walang lugar na maituturing na sa kanila. Sa simula, ang kanyang ama na si Tera ay nagplanong maglakbay sa lupain ng Canaan—ang Lupang Pangako—ngunit nanirahan sa ibang lugar habang papunta dito. Noong pumanaw si Tera, saka lamang pinangunahan ng Diyos si Abraham hindi lamang para pumunta sa isang lugar, kundi pati na rin sa isang napakadakilang tungkulin na hanggang ngayon ay may impluwensya pa rin sa atin. Sa araling ito, titingnan natin ang sinabi ng Diyos kay Abraham at kung paano ito naaangkop sa mga pamilya ng mga tinawag din ng Diyos.

## 1 Ang Diyos ay may dakilang layunin para kay Abraham at sa kanyang pamilya.

*Gagawin kong isang tanyag na bansa ang lahi mo.* ***Pagpapalain kita at magiging tanyag ang iyong pangalan****. Sa pamamagitan mo, marami ang pagpapalain.* **GENESIS 12:2**

Si Abraham, na noon ay tinatawag na Abram, at ang kanyang pamilya ay maaaring manatili sa kung saan sila nakatira at magtayo ng komunidad. Subalit may mas malaking plano para sa kanila ang Diyos. Tinawag Niya si Abram at inatasang pumunta sa lugar na inihanda Niya. Sinabi ng Diyos na sa kanyang pagpunta, ang kanyang lahi ay magiging *isang tanyag na bansa*. Isa itong pagpapatuloy ng Kanyang kagustuhan at utos kay Adan, Noah, at sa kanilang mga pamilya. Nais ng Diyos na ang mga pamilya ay pagpalain, maging mabunga, at magpakarami. Tulad nito, ang orihinal na disenyo ng Diyos para sa ating mga pamilya ay gawin silang lugar kung saan ang mga miyembro ay naaalagaan at pinagpapala. Ito ay para sa paglago natin sa tawag ng Diyos, na magdudulot ng paglago ng mga susunod na henerasyon ng pamilyang makararanas din sa mga pagpapala ng Diyos. Paano naapektuhan ng katotohanang ito ang pananaw mo sa layunin ng Diyos para sa iyong pamilya?

## 2 Ang Diyos ay may mas dakilang layunin para kay Abraham at sa lahat ng pamilya sa mundo.

*2 Gagawin kong isang tanyag na bansa ang lahi mo. Pagpapalain kita at magiging tanyag ang iyong pangalan.* ***Sa pamamagitan mo, marami ang pagpapalain.*** *3 Pagpapalain ko ang magmamagandang loob sa iyo. Pero isusumpa ko naman ang susumpa sa iyo.* ***Sa pamamagitan mo, pagpapalain ko ang lahat ng tao sa mundo****."* **GENESIS 12:2–3**

Ang layunin ng Diyos para sa pamilya ay higit pa sa pagbibigay dito at sa mga miyembro nito ng pagpapala. Para kay Abraham, ipinangako ng Diyos na pagpapalain siya at ang kanyang pamilya upang sila ay maging pagpapala sa mga pamilya sa mundo. Nais ng Diyos na maging daan ang mga pamilya ng Kanyang pagpapala para sa iba. Ibig sabihin, hindi lamang

pamilya ni Abraham ang pagpapalain kundi pati na rin ang mga susunod na henerasyon ng pamilya. Hindi man tayo nagmula sa lahi ni Abraham, ang lahat ng mananampalataya ni Cristo ay itinuturing na inapo ni Abraham (Mga Taga-Galacia 3:7–9). Pareho ang layunin ng Diyos para sa atin at sa ating pamilya: pinagpala Niya tayo upang tayo ay maging pagpapala rin sa iba. Sa anong paraan natin matutulungan ang mga miyembro ng ating pamilya upang maranasan din nila ang mga pagpapala ng Diyos at maging pagpapala rin sila sa mga tao sa paligid nila?

## 3 Sa huli, ang layunin at pagpapala ng Diyos ay ang kaligtasan ng sangkatauhan.

*[8]Dahil sa pananampalataya, sinunod ni Abraham ang utos ng Diyos na pumunta sa lugar na ipinangako sa kanya. Umalis siya sa bayan niya kahit hindi niya alam kung saan siya pupunta. [9]Dahil din sa pananampalataya, nanirahan si Abraham sa lupaing ipinangako sa kanya ng Diyos kahit na sa tolda lang siya tumira na parang isang dayuhan. Tumira rin sa tolda ang anak niya na si Isaac at apong si Jacob, na mga tagapagmana rin ng pangako ng Diyos. [10]Sapagkat ang talagang inaasahan ni Abraham ay isang lungsod na may matibay na pundasyon, na ang Diyos mismo ang nagplano at nagtayo.* **MGA HEBREO 11:8–10**

Tumugon si Abraham nang may pananampalataya sa utos ng Diyos na pumunta sa bagong lugar at maging ama ng mga bayan. Plano ng Diyos na matubos ang sangkatauhan mula sa kasalanan at maibalik sa Kanyang pamilya. Sa pamamagitan ng lahi ni Abraham, ipinadala ng Diyos ang Kanyang Anak na si Jesus upang maging daan tungo sa Kanya. Ang ginawa ni Jesus sa krus ay hindi lamang para sa lahi ni Abraham, kundi para sa lahat ng maniniwala sa Kanya. Para sa lahat ng tao ang pangakong kaligtasan at layunin. Ano ang sinasabi sa Mga Taga-Galacia 3:7–9 tungkol sa mga naniniwala sa Diyos? Paano magiging daan para sa pagtubos ng Diyos sa sangkatauhan ang personal nating pagtugon nang may pananamplataya sa pananaw at pagturing natin sa ating mga pamilya?

## APPLICATION

- Binigyan ka ba ng Diyos ng pamilya o grupo ng tao na maaaring pamunuan? Paano ka magiging isang maka-Diyos na halimbawa na masusundan ng ibang mga pamilya?
- Sa palagay mo, ano ang tawag ng Diyos na maging at ipagawa para sa iyong pamilya? Paano ka tutugon sa layunin at misyong ito?
- Bilang isang anak o kapatid, paano ka magiging isang pagpapala sa iyong pamilya? Paano mo magagawang makipag-ugnayan sa iba pang mga pamilya?

## PRAYER

- Purihin ang Diyos sa pag-akay sa atin sa Kanyang dakilang layunin gaya ng ginawa Niya kay Abraham. Pasalamatan ang Diyos para sa tawag Niya sa iyo at sa iyong pamilya.
- Hilingin sa Diyos na ipakita sa iyo kung paano ka magiging isang pagpapala sa iyong pamilya. Humingi ng kapatawaran para sa mga panahong hindi ka naging pagpapala sa kanila at ipanalangin na baguhin Niya ang iyong puso at isipan para sa iyong pamilya.
- Ipanalangin na gamitin ka ng Diyos upang alalayan ang susunod na henerasyon upang mahalin din nila ang Diyos at maging pagpapala rin sila sa iba. Makipag-ugnayan sa kanila ngayong linggo at ibahagi sa kanila ang katapatan ng Diyos sa buhay mo.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2022 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Madel Vanguardia

victory.org.ph